
**ANG DIYOS AY MAAWAIN**
**(Ang Diyos ay __Serye, Ika-5 Bahagi)**
**A Lord's Flock Worship Topic**
Ni: Rev. Fr. Glen Galao, Missionaries of God's Love
Mayo 24, 2025

Ang Panginoong Diyos ay nagdaan sa harap ni Moises at sinabing," Akong si Yaweh ay mapagmahal at maawain. Hindi Ako madaling magalit; patuloy Kong ipadarama ang Aking pag-ibig at Ako'y mananatiling tapat (Exo. 34:6). Ang talatang ito ay nagbubukas sa pagkatao at katangian ng Diyos, na nagtatampok ng Kanyang matatag na pag-ibig at awa: pakikiramay, biyaya, pasensya at katapatan. Bukod dito, ang Diyos ay gumawa ng isang banal na tipan upang ipagpatuloy ang pagiging maawain (Deut. 4:31), at natupad Niya ito tulad ng paliwanag ni Hesus sa Banal na Kasulatan sa pamamagitan ng mga talinghaga.




1. **Paano tinupad ng Diyos ang Kanyang tipan?**

1.1 **Ang Talinghaga ng Alibughang Anak**

Ipinapakita sa kwento ang pag-ibig ng ama na nagpapayag ng pagpapatawad at pagtanggap sa anak na naligaw ng landas kahit na nakadulot siya ng pinsala o nakagawa ng pagkakamali (Lk. 15:11-32). Binigyan diin ang kahalagahan ng kapatawaran at ang pagpapahayag na pagsisisi sa ating mga nagawang kasalanan at baguhin ang ating pag-uugali. Tunay nga, ang pag-ibig ng Diyos ay walang pasubali, at nagagalak Siya kapag ang makasalanan ay nagsisi at bumalik sa Kanya (Rom. 5:8).

**1.2 Ang Kwento ng mas Nakatatandang Anak na lalaki**

Ang sama ng loob ng anak na lalaki ay nagtatampok sa pagiging kumplikado ng kapatawaran at ang kahalagahan ng pagdiriwang ng mga natubos. Ang kuya ay isang halimbawa ng dalawang uri ng mga Kristiyano sa mundong ito.

- Ang mga makasalanan na nakakilala na sa Diyos ngunit nanatiling malayo pa rin sa Kanya dahil sa kanilang pagkakasala.
- Ang mga regular na nagsisimba, naglilingkod sa simbahan at sa pamayanan, at umaasa na higit silang pagpapalain ng Diyos batay sa kanilang ginawa at haba ng oras sa paglilingkod sa Kanya.

**1.3 Ang Talinghaga ng Mabuting Samaritano**

Ang kwentong ito na kilalang-kilala ay kumakatawan sa awa ng Diyos, na ang pag-ibig sa kapwa ay hindi ayon sa lahi, relihiyon, o katayuan sa lipunan, ngunit ito ay dapat para sa lahat ng nangangailangan. Ang Samaritanong lalaki ay ang tunay na kapitbahay dahil nagpakita siya ng awa (Lk. 10:25-37). Nakikita at binibigyan tayo ng tulong ng Diyos ayon sa ating kailangan.

**Konklusyon:**

Gaano man tayo kalayo sa Diyos o gaano natin inabuso ang Kanyang biyaya, sobra ang Kanyang kasiyahan kapag bumalik tayo sa Kanya. Ang Kanyang walang sawang awa at habag ay laging naghihintay sa ating pagbabalik sa Kanya, kung saan patakbo Niya tayong sasalubungin at yayakapin. Sa ating pananampalataya, ipinakita ng Diyos ang Kanyang pag-ibig at awa sa pamamagitan ni Hesu-kristo. Sa katunayan, ang awa ay walang bayad ngunit lubos na ibinibigay ito ng Diyos.

**Pagninilay**:

1. Mapagkakatiwalaan mo ba ang Diyos na tulungan ka sa iyong paglalakbay?
2. Paano tinupad ng Diyos ang Kanyang tipan sa iyo?
3. Naging mabuti ka bang Samaritano kalye? Ano ang naramdaman mo?

**Scribes Ministry:**
Naisalin ni: Thess Sarmiento
Na-edit ni: Nida A. Cruz
Tags: #Awa
https://lordsflock.org/teachings/digests
https://www.facebook.com/share/v/1ZTo37wvM1/